

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Lilipat ang Lungsod ng Brampton sa Yugto 2 ng ligtas na pagbubukas nito**

BRAMPTON, ON (Hunyo 24, 2020) – Sa araw na ito, ang Lungsod ng Brampton ay papasok sa susunod na yugto ng pagbangon nito kasunod ng anunsyo ng Pamahalaan na nagpapahintulot sa Rehiyon ng Peel na lumipat sa Yugto 2 ng muling pagbubukas ng lalawigan.

Bilang bahagi ng Yugto 2, ligtas na muling bubuksan ng Lungsod ang sumusunod na mga serbisyo, mga pasilidad at mga amenity:

### **Mga Summer Camp**

Ang Lungsod ng Brampton ay nag-aalok ng binago nang kaunti na mga summer camp mula Hulyo 13 hanggang Setyembre 4, para sa mga batang 4 na taong gulang hanggang 10 taong gulang. Magbubukas ang pagpaparehistro sa Hunyo 29, online at sa pamamagitan ng 311. Para matiyak ang kaligtasan ng lahat ng kalahok, kabilangan ang programa ng dinagdagang isina-indibidwal na mga aktibidad sa loob at labas. Gagawin din ang pinaigting na mga pamamaraang pangkaligtasan, kabilang ang:

- Pinakamarami walong kalahok at dalawang tagaturo bawat pangkat ng camp
- Personal protective equipment na isinusuot ng mga lider ng camp
- Mas dinalasang paglilinis at pag-disinfect sa lahat ng pasilidad

### **Mga Splash Pad at Professor's Lake**

Ang mga Splash pad sa buong Brampton ay magbubukas sa Sabado, Hunyo 27.

Inaasahan ng Lungsod ang pagbubukas ng Professor's Lake sa kalagitnaan ng Hulyo at makakapasok ang publiko sa pamamagitan ng pagpapareserba.

### **Mga Arena: Figure Skating/ Pagsasanay sa Hockey**

Simula Hunyo 29, magbubukas ang mga arena para sa pagsasanay lamang, Walang tatanggaping mga walk-in sa panahong ito at ang mga booking ay sa pamamagitan ng staff ng Lungsod sa 905-874-BOOK. Magsisimula ang mga booking ng pag-arkila sa Hunyo 25. Kabilang sa pinaigting na mga pangkaligtasang pamamaraan ang paglimita sa paggamit sa pinakamarami 10 kalahok, kabilang ang mga coach. Hindi pwedeng gamitin ang mga silid-palitan ng damit sa panahong ito.

### **Mga Sports Field, Track & Field, Mga Korte ng Basketball**

Simula Hunyo 26, ang mga panlabas na korte ng basketball ay pwede nang gamitin ng publiko.

Sa Hulyo 3, ang mga panlabas na sports field at mga batting cage ay pwede na para sa may pahintulot na paggamit para sa pagsasanay lamang. Wala nang mga hindi reserbado o walk-in ang tatanggapin sa panahong ito at ang pagpapa-book ay sa pamamagitan ng staff ng Lungsod sa 905-874-BOOK. Hindi makakapasok sa mga silid-palitan ng damit. Papayagan ang pinakamarami 10 kalahok bawat field, kabilang ang mga coach.

### **Bakuran sa Brampton**

Simula sa araw na ito, tumatanggap ang Lungsod ng mga application mula sa mga establisyemento ng pagkain para sa Pansamantalang Pagpapaki ng Bakuran. Ang mga restawran at mga bar sa Brampton ay pinapayagang palakihin ang kanilang mga bakuran papunta sa mga bangketa at mga pribadong paradahan para ma-accommodate ang dagdag na espasyo sa pagkain sa labas. Ang karagdagang impormasyon para sa mga negosyo ay makikita sa [pahina ng Lungsod sa Bakuran ng Brampton](#)

### **Brampton Library**

Naghahanda ang Brampton Library na pasimulan ang walang kontak na serbisyo ng pag-pick up sa curbside sa piling mga lokasyon ng sangay bilang yugto 2 ng plano nito sa muling pagbubukas, na nakipagkonsulta sa Lungsod ng Brampton at sa Peel Public Health. Makikita ang mga detalye sa [www.bramptonlibrary.ca](http://www.bramptonlibrary.ca) at sa Facebook at Twitter ng Brampton Library sa [@bramptonlibrary](#).

### **Mga Link**

- [Muling Pagsisimula ng mga Programa at Serbisyo sa Paglilibang sa Yugto 2](#)
- [Kumpletong talaan ng muling pagbubukas at mga pagsasara ng Lungsod](#)
- [Muling Pagbubukas at Pagbangon ng Lungsod ng Brampton](#)
- [Mga Update sa COVID-19 ng Lungsod ng Brampton](#)

### **Mga Quote**

“Labis kong ikinagagalak ang maalalahanin, panrehiyong pamamaraan na ginawa ng Lalawigan sa balangkas ng muling pagbubukas nito. Ang araw na ito ay isang milestone mula nang ideklara nito ang emergency tatlong buwan ang nakalipas at isang sandali na bunga ng commitment ng komunidad sa pagsunod sa payo ng Peel Public Health. Alam ko na marami sa ating mga residente at mga negosyo ang nananabik, at gusto kong paalalahanan ang lahat na kailangan nating magpatuloy na sundin ang pinakamabuting kalinisan at mga gawaing pangkaligtasan para mapanatili ang momentum na ito sa ating pagbangon.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Kasunod ng mga linggo ng pagpapalano at pakikipag-ugnayan sa mga residente at mga lokal na stakeholder, handa na ang Lungsod na ligtas na buksan ang marami sa mga amenidad nito at umpisahan muli ang mga serbisyo na kaayon ng anunsyo ng Lalawigan. Gusto kong pasalamat ang ating komunidad para sa kanilang patuloy na commitment na mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 at suportahan ang ganap na pagbangon ng ating lungsod.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Pinuno, Working Group ng Mayor sa Muling Pagbubukas at Pagbangon*

“Ang Lungsod ay mahigpit na nakikipagtulungan sa Peel Public Health sa muling pagbubukas ng ating mga pasilidad at mga amenity, na tumutupad sa kanilang mga patnubay at regulasyon sa kalusugan at kaligtasan. Ang ating prayoridad ay nananatiling ang kalusugan ng mga empleyado, mga residente, at mga bisita, at gagawin ang pinaigting na mga pangkaligtasang pamamaraan sa buong Lungsod habang sinisimulan nating muling umpisahan ang mga bahagi ng ating organisasyon.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)